



Mga mamamayan ng Fukushima, ano ho ang kondisyon ninyo matapos ang lindol?

Lungsod ng Fukushima  
Fukushima Medical University

Dahil sa nangyaring aksidente sa Tokyo Power Electric Company Fukushima Daiichi Nuclear Power Plant sa Lungsod ng Fukushima, layunin naming magsasagawa ng "Citizen's Health Care Research" upang mabantayan ang kalusugan ng mamamayan, mapanatili at mapaunlad ang kalusugan sa hinaharap.

Bilang bahagi ng isang detalyadong pagsasaliksik ng kalusugan ng pangkaisipan at katawan, kami sa Fukushima Medical University ay kinontrata upang magsagawa ng pananaliksik sa kalusugan ng pangkaisipan at pamumuhay para maunawaan ang health status ng mga mamamayan.

### Ang pananaliksik na ito ay hinirang sa mga naninirahan na tinalagang ebakwesyon zone

Ito'y nilaan at ipadadala sa mga taong ipinanganak ng taong 1995 Abril 1.

Upang maunawaan ang sitwasyon pagkatapos ng lindol, kami ay nais tumulong mapangalagaan ang kalusugan ng pangkaisipan at katawan. At ganoon din sa pagsuporta sa pagkakaroon ng agam-agam at stress pagkatapos ng lindol sa lalong madaling panahon upang maging mapayapa ang pamumuhay. Batay sa resulta ng pananaliksik na natanggap mula sa lahat, nais naming makatulong na maayos at maging mapayapa ang pamumuhay sa Lalawigan ng Fukushima. At isinagawa namin ang pag-aaral na ito upang bumuo ng isang support system.

### Pagkatapos kolektahin ang Survey...

- ① Base sa nilalaman ng inyong kasagutan sa survey, kung napagdesisyonan ng Health Care Center at Radiology Center na kinakailangan ninyo ng tulong, ang mga clinical psychologists, mga nurse, at mental health support team ang mismong makikipag-ugnayan sa inyo at kokonsulta sa inyo.
- ② Ang mental health support team ay makikipag-ugnayan sa inyong mga katanungan sa telepono, at sa kung kailangan ninyo ng teknikal na suporta.
- ③ Maari naming kayong ipakilala sa naka-rehistrong Doktor sa inyong rehiyon kung kinakailangan.

Nais namin makatulong na maging malusog at ligtas ang mga mamamayan na naninirahan sa lungsod ng Fukushima kaya't nais naming malaman ang kondisyon ng bawa't isa.

Kung may mga katanungan ukol sa survey, mangyaring ipaalam sa nasa ibabang ugnayan.

### Na isubmit mo na ba ang Basic Research?

Ang Basic Research ay upang maunawaan ang dosis ng radyasyon na natatanggap ng isang indibidwal at upang mabantayan ng mahabang panahon ang kalusugan ng mga tao kaya't mahalaga ang basic data na ito.



[Makipag-ugnayan]

◆ Katanungan tungkol sa **【Survey sa kalusugan ng damdamin at pamumuhay】** Eksklusibo  
Citizens Health Care Radiology Center, Fukushima Medical University  
Telepono: 024-549-5170 (9:00~17:00 maliban sa weekends at opisyal na holiday.)